

## Aralin 7 – Di Lang Sila, Ako Rin

Ang isa sa pinaka madaling gawin sa mundong ito ay ang pumuna ng mali ng iba! Ito ay aking napatunayan sa aking pagmamaneho. Madalas akong nagngi-ngit-ngit sa galit sa mga drayber na di sumusunod sa batas-trapiko, lalong lalo na sa mga nakahahadlang sa aking daraanan. Tulad halimbawa sa mga *“U-turn” slots* na kung saan ay inuokupahan ng mga sasakyang paliko ang halos lahat ng *lanes* at muntikan nang walang matira sa mas nakararaming sasakyan na paderetso. Kung kaya’t nagkakabuhol-buhol ang trapiko. Lahat ay nagnanais maunang lumiko at ayaw pumila ng maayos.

Isang araw sa aking pagmamaneho, aking napansin na isa rin pala ako sa mga drayber na gumagawa ng mga bagay na lubha kong kinaiinisan. Sa aking pagliko sa *“U-turn” slot*, lubhang napakahaba ng pila at ang pila ko ay di umuusad dahil sa mga kararating na sasakyan na gumagamit ng *“outer lanes”* upang mauna sa *“U-turn”*. Kung kaya’t ako’y kumanan at lumabas mula *“inner lane”* patungong *“outer lane”*. Aking nalalaman na ang *“outer lane”* ay para sa dideretsong sasakyan at ang magyu-*U-turn* ay dapat gumamit ng *“inner lane”*. Aking ikinatwiran sa aking isipan na kung ako ay mananatili sa tamang *lane*, ako’y di makararating sa aking patutunguhan. Ngunit ito rin ang dahilan ng mga drayber na di sumusunod sa batas-trapiko... at nakalulungkot na ako ay nakiisa sa mali nilang pananaw.

Sa ating pang-araw-araw na buhay, napakadali para sa atin ang punahin ang kamalian ng mga namumuno sa atin at ibunton sa kanila ang sisi sa dahilan ng ating paghihirap. Ngunit ang bawat isa sa atin ay may responsabilidad sa mga nangyayaring kaganapan sa ating paligid. Ang sisi ay di lamang sa iilan na nakaupo sa pwesto, tayo ay bahagi rin sa mga nangyayari sa ating kapaligiran.

Sa Bibliya, tayo ay hinimok na siyasatin at subukin ang ating sarili (2 Korinto 13:5). Bagamat ang talatang ito ay patungkol sa ating pananampalataya, ngunit ang tunay na pananampalataya ay masusukat sa ating pagkilos at pag-uugali.

Sa ating pagsisiyasat sa sarili, maaari nating subukin muna ang ating pampublikong buhay at pagkatapos nito ay ang kailalaliman ng ating puso.

Upang subukin ang ating pampublikong buhay, maaari nating itanong ang mga sumusunod:

- Ako ba ay matapat, di naglilinlang at nanlalamang ng kapwa?
- Ako ba’y di nangungupit, nagnanakaw, nagmumura, naglalasing?
- Ako ba’y tapat na asawa at mapag-arulang magulang?
- Ako ba’y may pagmamahal at pagkilos sa aking komunidad?

Upang subukin ang nilalaman ng puso, maaari nating itanong ang mga sumusunod:

- Kamusta ang iyong pagnanais na makilala nang husto ang Panginoon? Kamusta ang iyong buhay panalangin? Ikaw ba’y nakikinig sa Panginoon sa pamamagitan ng pagbabasa ng Bibliya araw-araw?

- Ano ang kadalasang nilalaman ng iyong isipan? Ito ba'y ang mga pangako ng Diyos ayon sa Kanyang Salita? Baka naman puro pag-aalala, takot, at kalaswaan?
- Kamusta ang iyong puso para sa mga naliligaw? Ikaw ba'y lumuluha sa kadahilanan ng kanilang kondisyong espiritual? Iniyak mo na ba sa Panginoon ang kanilang kaligtasan?

Hindi lang sila na may kapangyarihan at kayamanan ang dapat siyasatin. Tayong lahat ay sisiyasatin ng ating Panginoon pagdating ng paghuhukom. Tayong lahat ay may responsibilidad sa ating komunidad, sa ating bayan, sa ating henerasyon. Tandaan, di lang sila, ikaw rin!

### **Pagbulay-bulayan at Gawin**

1. Gamitin ang mga katanungan sa taas at subukin ang sarili.
2. Sino-sino ang aking sinisisi sa mga di kaaya-ayang situwasyon sa aking kapaligiran? Nagagawa ko ba ang aking responsibilidad upang di lumala ang situwasyon?
3. Ipanalangin ang sarili na maging bahagi ng solusyon sa suliranin ng komunidad at di maging isa sa mga maninisi lamang.